

**Gabay sa Sangkatauhan sa mga
Saligan
at mga Kinakailangan sa
Relihiyong Islam
Tanong at Sagot**

Naglahad at Nagtagubiling Isalin:

Ang Kanyang Kabunyian Shaykh `Abdul`azīz bin
Abdullāh Āl Shaykh
Ang Pangkalahatang Mufti ng Kaharian ng Saudi
Arabia at
Ang Pangulo ng Lupon ng mga Nakatataas na mga
Pantas

Bumasa at Naglahad:

Ang Kagalang galang na Shaykh Ṣālih bin Fawzān
Al-Fawzān
Kaanib ng Lupon ng ma Nakatataas ng mga Pantas

Inihanda:

Doktor `Umar bin `Abdurrahmān bin Muḥammad
Al-`Umar
Kaanib ng Lupon ng Pagtuturo sa Mataas na
Pamantasan ng Paghuhukom

isinalin ni: sulaiman idris P. Alojado

Paglalahad ng Kanyang Kabunyian ang Pangkalahatang Mufti ng Kaharian ng Saudi Arabia.

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

Ang papuri ay ukol sa Panginoon ng mga nilalang, ang pagpapala at ang pangangalaga ni Allah ay ipagkaloob sa Propeta nating si Muhammad, sa lahat ng kanyang mag-anak, at mga Kasamahan niya.

Tunay na ako ay nakapagsiyasat sa aklat na Gabay sa Sangkatauhan sa mga Saligan

at mga Kinakailangan sa Relihiyong Islam, na inihanda ni Doktor `Umar bin `Abdurrahmān bin Muḥammad Al-`Umar, na sa kabila ng liit ng sukat nito ay naglaman ng mga usaping mahahalaga kaugnay sa mga paksa ng Tawḥīd at `Aqīdah ng Ahlus Sunnah wal Jamā`ah, kalakip ng maikling pagbangit ng mga panuntunan ng wuḍū', ṣalāh, zakāh, pag-aayuno, at ḥajj.

Natagpuan ko ito na isang aklat na mapakikinabangan sa nilalaman nito na binuo sa anyong tanong at sagot sa pananalitang magaan upang mapadali ang pagbasa at pag-unawa nito ng mambabasa. Makabubuting isalin ang aklat na ito sa iba't-ibang wika upang makinabang din ng mga hindi nagsasalita ng wikang Arabe.

Pagpalain ni Allah at pangalagaan ang Propeta nating si Muhamad. Ang kapayapaan ay sumainyo,sampu ng awa ni Allah at mga biyaya Niya.

Ang Pangkalahatang Mufti ng Kaharian ng Saudi Arabia
Ang Pangulo ng Lupon ng mga Nakatataas na mga Pantas
Ang Pangulong Pangkalahatan ng Pananaliksik Pang-Islam
at Iftā'

Shaykh `Abdul`azīz bin Abdullāh Āl Shaykh

Paglalahad ng Kagalang-galang na Shaykh Doktor Şālih bin Fawzān Al-Fawzān

Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Pinakamaawain

Ang papuri ay ukol kay Allah. Nasiyasat ko ang akda ni Shaykh `Umar bin `Abdurrahmān Al-`Umar na may pamagat na Gabay sa Sangkatauhan sa mga Saligan

at mga Kinakailangan sa Relihiyong Islam. Nakita ko ito na kapaki-pakinabang at mahusay kasabay ng kaiiklian nito, kaya gantimpalataan siya ni Allah ng mabuti at magdulot ng pakinabang sa pamamagitan nito. Pagpalain ni Allah ang Propeta nating si Muhammad sampu ng kanyang mag-anak, at mga kasamahan niya.

Isinulat ni:

Shaykh Doktor Şālih bin Fawzān Al-Fawzān
Kaanib ng Lupon ng mga Nakatataas ng Pantas
Safar 2, 1437
Nobyember 13, 2015

Panimula ng May-akda

Ang papuri ay ukol kay Allah na pumatnubay sa atin sa Tawhīd at Sunnah. Ang pagpapala at ang pangangalaga ni Allah ay ipagkaloob sa Propeta ng patnubay at awa, ang Propeta nating si Muhammad, sampu ng kanyang mag-anak at mga kasamahan niya.

Tunay na ang matutunan ang Tawhīd at ang mga Saligan ng Relihiyon ay kabilang sa pinakamahalaga sa mga kinakailangan at pinakatungkulin sa mga isinatungkulin nang sa gayon ang Kapaniwalaan ay maging tamang kapaniwalaan, at ang pagsamba ay maging pagsambang isinabatas ng wagas na inuukol sa mukha ni (kawagasan kay) Allah – pagkataas-taas Niya –alinsunod sa batas ng Sugo Niya (S¹). Alang-alang doon, isinulat ko ang maikling akdang ito ayon sa liwanag ng Qur'an at Sunnaah at isinatitik ng mga pantas ng Sambayanang Islam at mga pinuno ng pangangaral ng Islam mula sa kapaki-pakinbang na mahalagang mga aklat. Pinangalanan ko ito na Gabay sa Sangkatauhan sa mga Saligan at mga Kinakailangan sa Relihiyong Islam, ginawa ko itong nahahati sa ilang kabanata, at sa paraang tanong at sagot upang maging higit na malapit sa pang-unawa at sa pagkatalos sa tama.

At kay Allah – pagkataas-taas Niya – aking hinihiling na gawin itong wagas na ukol sa mukha Niya alinsunod sa mga ikinalulugod Niya at mapakikinabangan ng mga lingkod Niya. Pagpalain ni Allah at pangalagaan ang Propeta nating si Muhammad sampu ng lahat ng kanyang mag-anak, at mga kasamahan niya.

¹Simbolo ng pagbikas ng Sallah allaho alayhi wasalam (sumakaniya ang kapayapaan).

Kabanata: Ang Tatlong Saligan

T 1: Ano ang tatlong saligang kinakailangan malaman ng bawat lalaki at babaeng Muslim?

ang tatlong saligang kinakailangan malaman ng bawat Muslim at Muslimah ay ang sumusunod:

1. Ang makilala ng tao ang Panginoon niya,
2. Ang makilala ng tao ang Relihiyon niya,
3. Ang makilala ng tao ang Propeta niya na si Muhammad (S).

T 2: Sino ang Panginoon mo?

Ang Panginoon ko ay si Allah na nag-alaga sa akin at nag-alaga sa lahat ng mga nilalang sa pamamagitan ng mga biyaya Niya. Siya ay sinasamba ko. Wala na akong sinasambang iba pa sa Kanya.

T3: Sa ano mang pamamagitan na nakilala mo ang Panginoon mo?

Nakilala ko ang Panginoon ko sa pamamagitan ng mga tanda Niya at mga nilikha Niya. Kabilang sa mga tanda niya ang gabi at ang maghapon, at ang araw at ang buwan. Kabilang sa mga tanda Niya ang pitong langit at ang pitong lupa, at ang anumang nasa pagitan ng mga ito.

T 4: Ano ang relihiyon mo?

Ang relihiyon ko ay ang Islam. Ito ay ang pagsuko kay Allah sa pamamagitan ng pagsampalataya sa kaisahan Niya, ang pagpapaakay sa Kanya sa pamamagitan ng pagtalima, at ang pagwawaksi sa Shirk (pagsamba sa ibang Diyos) at mga alagad nitoat ang sinumang napapaloob sa mga ito.

T 5: Ano ang mga antas ng relihiyon?

ang mga antas ng relihiyon ay ang sumusunod:

1. Ang Islām (Ang Pagpapasakop),
2. Ang Īmān (Ang Pananampalataya),
3. Ang Iḥsān (Ang Pagpapakahusay).

T 6: Sino ang Propeta mo?

Ang Propeta ko ay si Muḥammad, na anak ni `Abdullāh, na anak ni `Abdulmuṭṭalib, na anak ni Hāshim. Si Hāshim ay kabilang sa liping Quraysh. Ang Quraysh ay kabilang sa mga Arabe. Ang mga Arabe ay mga supling ni Ismā`īl, anak ni Ibrāhīm na matalik na kaibigan (ni Allah), ipagkaloob sa kanya at sa Propeta natin ang pinakamainam na pagpapala at pangangalaga.

Kabanata: Ang mga Haligi ng Islam at ang Kahulugan ng Dalawang Pagsaksi

T 7: Ano ang mga sandigan ng Islam?

Ang mga sandigan ng Islam ay lima:

1. Ang pagsaksi na walang Diyos na totoo kundi si Allah at si Muhammad ay Sugo ni Allah;
2. Ang pagpapanatili sa pagdarasal;
3. Ang pagbibigay ng zakāh;
4. Ang pag-aayuno sa Ramaḍān;
5. Ang hāj̄j o pagbisita sa Banal na Bahay ni Allah para sa sinumang makakayang pumunta roon.

T 8: Ano ang kahulugan ng pagsaksi na walang Diyos na totoo kundi si Allah? At ano ang patunay?

Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “Iyon ay dahil na si Allah ay ang Katotohanan, at na ang anumang dinadalanginan nila bukod pa sa Kanya ay ang Kabulaanan, at na si Allah ay ang Mataas, ang Malaki.” (Qur’an 22:62)

T 9: Ano ang sandigan ng pagsaksi na walang Diyos na totoo kundi si Allah? At ano ang patunay?

Ang mga sandigan ng pagsaksi na walang Diyos kundi si Allah ay dalawa:

1. Ang pagkakaila: ang pagsabi na Walang Diyos,
2. Ang pagkilala: ang pagsabi na Kundi si Allah.

Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “Kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa mga diyus-diyusan at sumampalataya kay Allah ay humawak nga sa hawakang pinakamatibay na walang lamat. Si Allah ay Nakaririnig, Nakaalam.” (Qur’an 2:256) Ang sabi Niya: “Kaya ang sinumang tumangging sumampalataya sa nagdidiyus-

diyusan” ito ay patunay ng pagkakaila. Ang sabi Niya: “at sumampalataya kay Allah” ito ay patunay ng pagkilala.

T 10: Ano ang mga kundisyon ng paniniwala na Walang Diyos na totoo kundi si Allah?

Ang mga kundisyon ng paniniwala na Walang Diyos na totoo kundi si Allah ay walo:

1. Ang kaalamang sumasalungat sa kamangmangan,
2. Ang katiyakang sumasalungat sa pagdududa,
3. Ang kawagasang sumasalungat sa shirk,
4. Ang katapatang sumasalungat sa kasinungalingan,
5. Ang pag-ibig na sumasalungat sa pagkamuhi,
6. Ang pagpapaakay na sumasalungat sa pag-iwan,
7. Ang pagtanggap na sumasalungat sa pagtanggap,
8. Ang pagtanggap sumampalataya sa anumang sinasamba bukod pa kay Allah.

Tinipon ang mga ito sa dalawang magkasunod na taludtod:

Kaalaman, katiyakan, kawagasan, at katapatan mo kasama ng

Pag-ibig, pagpapaakay, at pagtanggap doon,

At idagdag ang ikawalo nito, ang pagtanggap sumampalataya mula sa iyo sa anumang

ibang diyos mula sa mga bagay na ginawang diyos.

T 11:Ano ang hinihiling ng pagsaksi na Walang Diyos na totoo Kundi si Allah?

Ang pagsaksi na Walang Diyos na totoo Kundi si Allah ay naglalaman ng dalawang bagay:

1. Ang pananampalataya kay Allah sa pamamagitan ng pagsasakatuparan sa pagsampalataya sa kaisahan Niya at

pagpapakawagas sa pagsamba sa Kanya, (ito ang hinihiling ng pagkilala)

2. Ang pagtanggap sumampalataya sa bawat anumang sinasamba bukod pa kay Allah, ang pagtatwa sa pagtatambal kay Allah at sa mga nagtatambal kay Allah, ang pag-iwas sa mga nakasisira sa relihiyon, (ito ang hinihiling ng pagtanggap).

T 12: Ano ang kahulugan ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah?

Ang kahulugan ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah ay ang pag-amin nang lihim at hayagan na si Muhammad ay Lingkod ni Allah at Sugo Niya sa lahat ng mga tao, at na siya ay ang pangwakas sa mga propeta at mga isinugo.

T 13: Ano ang hinihiling ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah?

Ang hinihiling ng pagsaksi na si Muhammad ay Sugo ni Allah ay ang tumalima sa kanya sa ipinag-utos niya, ang maniwala sa kanya sa ipinabatid niya, ang umiwas sa anumang ipinagbawal at sinaway niya, at na hindi sasambahin si Allah malibang ayon sa isinabatas niya.

Kabanata: Ang mga Sandigan ng Pananampalataya at ang mga Bunga nito

T 14: Ano ang mga sandigan ng Pananampalataya?

Ang mga haligi ng Pananampalataya ay anim:

1. Ang Paniniwala kay Allah,
2. Ang Paniniwala sa mga anghel,
3. Ang paniniwala sa mga Kasulatan Niya,
4. Ang paniniwala sa mga sugo Niya,
5. Ang paniniwala sa Huling Araw,
6. Ang paniniwala sa pagtatakda: ang kabutihan nito at ang kasamaan nito ay mula kay Allah.

T 15: Ano ang kahulugan ng paniniwala kay Allah?

Ang paniniwala kay Allah, ang kahulugan nito ay: ang matibay na pagpapatotoo sa kairalan ni Allah, at ang pagkilala sa Pagkapanginoon Niya, Pagkadiyos Niya, at mga pangalan at mga katangian Niya.

T 16: Ano ang mga bunga ng paniniwala kay Allah?

Ang mga bunga ng paniniwala kay Allah ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagsasakatuparan ng pananampalataya sa kaisahan ni Allah sa pamamagitan ng pag-uukol ng pagsamba kay Allah lamang nang walang katambal sa Kanya.
2. Ang kaganapan ng pag-ibig kay Allah, pagdakila sa Kanya, at pagkatakot sa Kanya ayon sa hinihiling ng mga pangalan Niyang napakagaganda at mga katangian Niyang napakatataas.
3. Ang pagsasakatuparan sa hinihiling ng pagsamba sa Kanya sa pamamagitan ng pagsasagawa sa ipinag-uutos Niya at pag-iwas sa ipinagbabawal Niya.

T 17: Ano ang kahulugan ng paniniwala sa mga anghel?

Ang paniniwala sa mga anghel ay ang matibay na pagpapatotoo sa kairalan nila, na sila ay mga pinarangalang lingkod [ni Allah]. Hindi nila sinusuway si Allah sa ipinag-utos Niya sa kanila at ginagawa nila ang ipinag-uutos sa kanila. Kaya naniniwala tayo sa sinumang pinangalanan ni Allah, gaya nina Jibrīl, Mikā'il, at Isrāfil, at sa sinumang hindi Niya pinangalanan.

T 18: Ano ang mga bunga ng paniniwala sa mga anghel?

Ang mga bunga ng paniniwala sa mga anghel ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang kaalaman sa kadakilaan ni Allah, kapangyarihan Niya, at kapamahalaan Niya sapagkat ang kadakilaan ng nilikha ay nagpapatunay sa kadakilaan ng Tagapaglikha.

2. Ang pag-ibig kay Allah at ang pagpapasalamat sa Kanya sa pagmamalasakit Niya sa mga anak ni Adan yamang ipinagkatiwala Niya sa mga anghel na ito ang nagsasagawa ng pangangalaga sa mga tao.

3. Ang pagpapalakas ng loob sa paggawa ng magaganda at ang pagpapahina ng loob sa paggawa ng masasagwa yamang ipinagkatiwala Niya sa mga anghel na ito ang nagsasagawa ng pagsulat sa mga ginawa ng mga anak ni Adan, na mabuti at masama.

T 19: Ano ang kahulugan ng paniniwala sa mga kasulatan?

Ang kahulugan ng paniniwala sa mga kasulatan ay ang matibay na pagpapatotoo sa mga kasulatan na ibinaba ni Allah sa mga sugo Niya, na ang mga ito ay salita Niya, at ang

mga ito ay katotohanan at liwanag. Kaya naniniwala tayo sa anumang pinangalanan ni Allah sa mga ito, gaya ng Qur'an, Taorat(Torah), Injiel (Ebanghelyo), at Sabor (Salmo), at sa anumang hindi Niya pinangalanan.

T 20: Ano ang mga bunga ng paniniwala sa mga kasulatan?

Ang mga bunga ng paniniwala sa mga kasulatan ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang kaalaman sa pagmamalasakit ni Allah sa mga lingkod Niya yamang nagpababa Siya sa bawat kalipunan ng kasulatang pumapatnubay sa kanila.

2. Ang kaalaman sa karunungan ni Allah sa pagsasabatas Niya yamang nagsabatas Siya sa bawat kalipunan ng naaangkop sa mga kalagayan nila, gaya ng sinabi ni Allah: “Para sa bawat *kalipunan* mula sa inyo ay nagtalaga Kami ng isang pagbabatas at isang pamamaraan.” (Qur'an 5: 48)

3. Ang pasasalamat sa biyaya ni Allah sa anumang nilinaw Niya na pagsamba.

4. Ang pagsamba kay Allah ayon sa pagka-unawa sa pamamagitan ng ibinabang kasulatan at bilang pagtulad sa propetang isinugo.

T 21: Ano ang kahulugan ng paniniwala sa mga sugo?

Ang paniniwala sa mga sugo ay ang matibay na pagpapatotoo sa mga mensahe ng lahat ng mga sugo at pagpapatotoo sa mga salaysay nila. Kaya naniniwala tayo sa sinumang pinangalanan ni Allah sa kanila, gaya nina Nooh (Noe), Ibrahim (Abraham), Mosah (Moises), Isah (Jesus), at

Muhammad – sumakanila ang pagpapala at ang pangangalaga – at ang sinumang hindi Niya pinangalanan.

T 22: Ano ang mga bunga ng pananampalataya sa mga sugo?

Ang mga bunga ng pananampalataya sa mga sugo ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang kaalaman sa awa ni Allah at pagmamalasakit Niya sa mga lingkod Niya yamang isinugo Niya sa kanila ang mga sugo upang patnubayan sila tungkol sa tuwid na landasin at matuwid na relihiyon.

2. Ang pagsamba kay Allah ayon sa pagkaunawa sa pamamagitan ng ibinabang kasulatan at bilang pagtulad sa propetang isinugo.

3. Ang pag-ibig sa mga sugo – sumakanila ang pagpapala at ang pangangalaga – ang pagdakila sa kanila, at ang pagpuri sa kanila ayon sa nababagay sa kanila.

4. Ang pagpapasalamat kay Allah sa napakalaking biyayang ito.

T 23: Ano ang kahulugan ng paniniwala sa Huling Araw?

Ang paniniwala sa Huling Araw ay ang matibay na pagpapatotoo sa Araw ng Pagkabuhay kung kailan bubuhaying muli ang mga tao para tuusin at Gantimpalaan.

T 24: Ano ang mga bunga ng paniniwala sa Huling Araw?

Ang mga bunga ng paniniwala sa Huling Araw ay ang sumusunod:

1. Ang pagkaibig sa paggawa ng pagtalima at ang pagkasigasig dito bilang paghahangad ng gantimpala sa Araw na iyon.

2. Ang pagkatakot sa paggawa ng pagsuway at ang pagkalugod dito bilang pangamba sa kaparusahan sa Araw na iyon.

3. Ang pampalubag-loob sa mananampalataya sa nakalagpas na biyaya sa Mundong maglalaho sa pamamagitan ng minimithing lugod sa Kabilang-buhay na mananatili.

T 25: Ano ang kahulugan ng paniniwala sa Pagtatakda: sa kabutihan nito at kasamaan nito?

Ang paniniwala sa pagtatakda ay ang matibay na pagpapatotoo na ang bawat mabuti at masama ay itinadhana ni Allah at itinakda Niya, na Siya ang tagagawa ng anumang ninanais Niya. Kaya ang anumang loobin Niya ay mangyayari at ang anumang hindi Niya niloob ay hindi mangyayari.

T 26: Ano ang mga bunga ng paniniwala sa Pagtatakda:sa kabutihan nito at kasamaan nito?

Ang mga bunga ng paniniwala sa Pagtatakda ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang katapatan ng pananalig kay Allah, ang pagsalig sa Kanya sa paggawa ng mga kadahilanan sapagkat Siya ay tagapagsanhi ng mga kadahilanan at ang bawat bagay ay ayon sa pagtatakda Niya.

2. Ang kapanatagan at ang pagkalugod sa anumang nangyayari sa tao na mga itinakda ni Allah, kaya hindi maghihinakit sa pagkawala ng naiibigan o sa pagtamo ng kinasusuklaman.

3. Ang katatagan sa pagharap ng mga panahon ng kagipitan, at ang pagsalubong sa mga hirap ng buhay nang may matatag na puso at tapat na katiyakan.

4. Ang hindi paghanga ng tao sa sarili niya kapag nakamit ang ninanais niya dahil ang kanyang pagtamo niyanon ay dahil lamang sa pagtatakda ni Allah, paggabay Niya, at kagandahang-loob Niya.

Kabanata: Ang Iḥsān (Pagpapakahusay) at ang mga Bunga nito

T 27: Ano ang kahulugan ng Iḥsān (Pagpapakahusay)?

Ang Iḥsān (Pagpapakahusay) ay ang sambahin mo si Allah na parang ikaw ay nakikita Siya, at kung hindi mo man Siya nakikita, tunay na Siya ay nakikita ka.

T 28: Ano ang mga antas ng Pagpapakahusay?

Ang Pagpapakahusay ay dalawang antas:

Unang Antas: Ang antas ng pagkakasaksing pangkaisipan: na sasambahin ng tao ang kanyang Panginoon na parang nakikita niya Siya. Ito ang pinakamataas sa dalawang antas.

Ikalawang Antas: Ang antas ng pagmamasid: na nalalaman ng tao na si Allah ay nakikita siya sa alinmang lugar o sa anumang gawaing ginagawa niya.

T 29: Ano ang mga bunga ng Pagpapakahusay?

Ang mga bunga ng Pagpapakahusay ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagkatakot kay Allah sa kalagayang nakalingid at nasasaksihan, at palihim at hayagan.
2. Ang katapatan ng pagsamba kay Allah, ang pag-uukol ng pagsisikap sa ikahuhusay nito at ikalulubos nito.
3. Ang pagiging kasama ni Allah na laan sa mga nagpapakahusay.
4. Ang pagtamo ng Paraiso at ang pagkakita kay Allah.

Kabanata: Ang Tawḥīd at ang mga Kainaman nito.**T 30: Ano ang mga bahagi ng Tawḥīd?**

Ang mga bahagi ng Tawḥīd ay tatlo:

1. Ang Tawḥīd Rubūbīyah (Ang Paniniwala sa Kaisahan ni Allah sa Pagkapanginoon),
2. Ang Tawḥīd Ulūhīyah (Ang Paniniwala sa Kaisahan ni Allah sa Pagkadiyos),
3. Ang Tawḥīd Asmā' wa Ṣifāt (Ang Paniniwala sa Kaisahan ni Allah sa mga Pangalan at mga Katangian).

T 31: Ano ang kahulugan ng Tawḥīd Rubūbīyah?

Ang kahulugan ng Tawḥīd Rubūbīyah ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa mga gawain Niya gaya ng paglikha, pagtutustos, paghahari, pangangasiwa, pagbibigay-buhay, pagbawi ng buhay, at iba pang mga gawain Niya.

T 32: Sasapat ba ang Tawḥīd Rubūbīyah sa pagpasok sa Islam?

Hindi sasapat ang Tawḥīd Rubūbīyah sa pagpasok sa Islam dahil ang mga Mushrik sa panahon ng Propeta (S) ay kumikilala sa Pagkapanginoon at hindi nila napakinabangan iyon. Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “At talagang kung tatanungin mo nga sila kung sino ang lumikha sa kanila ay tunay na sasabihin nga nilang si Allah. Kaya bakit pa sila bumaling sa iba?” (Qur’an 43:87)

T 33: Ano ang kahulugan ng Tawḥīd Ulūhīyah?

Ang kahulugan ng Tawḥīd Ulūhīyah ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa mga gawain ng mga tao. Sinasabi rin na ito ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa

pagsamba. Ito ang kahulugan ng Walang Diyos na totoo kundi si Allah.

T 34: Ano ang kahalagahan ng Tawḥīd Ulūhīyah?

1. Ang Tawḥīd Ulūhīyah ay ang layon sa paglikha sa tao at jinn.
2. Ang Tawḥīd Ulūhīyah ay sadya ng pag-aanyaya ng mga propeta at mga sugo.
3. Ang Tawḥīd Ulūhīyah ay ang karapatan ni Allah sa mga lingkod Niya.
4. Ang Tawḥīd Ulūhīyah ay ang pundasyon ng katumpakan ng mga gawain.

T 35: Ano ang kahulugan ng Tawḥīd Asmā' wa Şifāt?

Ang kahulugan ng Tawḥīd Asmā' wa Şifāt ay ang pagbubukod-tangi kay Allah sa mga pangalan Niya at mga katangian Niya, na nasasaad sa Aklat ni Allah at sa Sunnah ng Sugo Niya (S). Naisasakatuparan ito sa pamamagitan ng pagkilala sa anumang [pangalan at katangian] na kinilala Niya at ng pagkakaila sa anumang ikinaila Niya, nang walang taḥrīf (paglilihis sa kahulugan) ni ta'ṭīl (pagtanggap sa kahulugan), walang takyīf (paglalarawan sa kahulugan) ni tamthīl (paghahalintulad sa kahulugan).

T 36: Ano ang pamamaraan ng Ahlus Sunnah wal Jamā'ah sa Tawḥīd Asmā' wa Şifāt?

Ang pamamaraan ng Ahlus Sunnah wal Jamā'ah sa Tawḥīd Asmā' wa Şifāt ay ang pagkilala sa kinilala ni Allah para sa sarili Niya na mga pangalan at mga katangian ayon sa pagkilalang walang tamthīl, ang pagkakaila sa anumang ikinaila ni Allah para sa sarili Niya, ang pagwawaksi sa

Kanya niyon ayon sa pagwawaksing walang ta`ṭīl. Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “Walang anumang katulad sa Kanya, at Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita.” (Qur’an 42:11). Ang sabi Niya na “Walang anumang katulad sa Kanya” ay pagtanggì sa pagwawangis at pagtutulad, at ang sabi Niya na “at Siya ang Nakaririnig, ang Nakakikita” ay pagtanggì sa ta`ṭīl.

T 37: Ano ang kahalagahan ng Tawḥīd Asmā’ wa Şifāt?

1. Ang paglago ng pananampalataya kay Allah.
2. Ang kaalaman sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya ay ang daan tungo sa pagkakilala kay Allah.
3. Ang pagpapalakas sa mga gawain ng mga puso gaya ng pag-ibig kay Allah, takot sa Kanya, at pag-asa sa Kanya.
4. Ang pangangalaga laban sa tashbīh (pagwawangis) o ta`ṭīl sa mga pangalan ni Allah at mga katangian Niya, gaya ng nangyari sa mga kultong Jahmīyah o Mu`tazilah o Ashā`irah.

T 38: Ano ang mga kainaman ng Tawḥīd?

Ang mga kainaman ng Tawḥīd ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagbabayad-sala sa mga pagkakasala at mga gawang masagwa.
2. Ang ganap na katiwasayan sa Mundo at Kabilang-buhay.
3. Ang kaaya-ayang buhay sa Mundo at ang sukdulang gantimpala sa Kabilang-buhay.
4. Ang pagpasok sa Paraiso.
5. Ang pagkaligtas sa Impiyerno.

Kabanata: Ang Pagtalikod sa Islam

39. Ano ang kahulugan ng Pagtalikod sa Islam? Ano ang patunay?

Ang pagtalikod sa Islam ay ang pagtanggap sumampalataya matapos na yumakap sa Islam. Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “217. Tinatanong ka nila hinggil sa Banal na Buwan kaugnay sa pakikipaglaban sa panahong ito. Sabihin mo: “Ang sinumang tatalikod mula sa inyo sa Relihiyon niya at namatay habang siya ay isang tumatangging sumampalataya, ang mga iyon ang nawalan ng kabuluhan ang mga gawa nila sa mundo at sa Kabilang-buhay. Ang mga iyon ay ang mga maninirahan sa Apoy; sila roon ay mga mamamalagi.” (Qur’an 2:217)

T 40: Ano ang mga bahagi ng pagtalikod sa Islam?

Ang pagtalikod sa Islam ay limang bahagi:

1. Ang pagtalikod sa pamamagitan ng salita.
2. Ang pagtalikod sa pamamagitan ng gawa.
3. Ang pagtalikod sa pamamagitan ng paniniwala.
4. Ang pagtalikod sa pamamagitan ng pagdududa.
5. Ang pagtalikod sa pamamagitan ng pag-iwan.

T 41: Ano ang mga halimbawa ng pagtalikod sa Islam sa pamamagitan ng salita?

Ang pagtalikod sa pamamagitan ng salita ay sa pamamagitan ng ilang bagay. Kabilang sa mga ito:

1. Ang paglailay kay Allah o sa Sugo Niya (S).
2. Ang pag-aangkin ng kaalaman hingil sa Ghayb (mga nakalingid).
3. Ang pag-aangkin ng pagkapropeta.

4. Ang paghiling sa iba pa kay Allah sa anumang walang nakakakayang magdulot niyon kundi si Allah.

T 42: Ano ang mga halimbawa ng pagtalikod sa Islam sa pamamagitan ng gawa?

Ang pagtalikod sa pamamagitan ng gawa ay sa pamamagitan ng ilang bagay. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagpatirapa sa diyus-diyusan o bato o mga puntod.
2. Ang pag-aalay ng mga hayop sa mga ito.
3. Ang pagtapon ng Qur'an sa mga maruming lugar.
4. Ang pagsasagawa ng karunungan itim, ang pag-aaral nito, at ang pagtuturo nito.

T 43: Ano ang mga halimbawa ng pagtalikod sa Islam sa pamamagitan ng paniniwala?

Ang pagtalikod sa pamamagitan ng paniniwala ay sa pamamagitan ng ilang bagay. Kabilang sa mga ito:

1. Ang paniniwala sa katambal para kay Allah.
2. Ang paniniwala sa kawalan ng pagkabuhay na muli matapos ang kamatayan o kawalan ng Paraiso at Impiyerno.
3. Ang pagtuturing na ipinahihintulot ang ipinagbawal ni Allah, tulad ng pagtuturing na ipinahihintulot ang pangangalunya o ang alak o ang paghahatol ng hindi ayon sa ibinaba ni Allah.
4. Ang pagkakaila sa mga sandigan ng Islam at mga isinatungkulin nito gaya ng pagkakaila sa pagdarasal o zakāh o pag-aayuno sa Ramaḍān o ḥajj.

T 44: Ano ang mga halimbawa ng pagtalikod sa Islam sa pamamagitan ng pagdududa?

Ang pagtalikod sa pamamagitan ng pagdududa ay sa pamamagitan ng ilang bagay. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagdududa sa pagkabuhay na muli matapos ang kamatayan o sa pagkakaroon ng Paraiso at Impiyerno.
2. Ang pagdududa sa Relihiyon Islam o kaangkupan nito sa panahon ngayon.
3. Ang pagdududa sa mensahe ng Propeta (s) o sa pagkatotoo nito.
4. Ang pagdududa sa Marangal na Qur'an, na ito ay salita ni Allah.

T 45: Ano ang mga halimbawa ng pagtalikod sa Islam sa pamamagitan ng pag-iwan?

Ang pagtalikod sa pamamagitan ng pag-iwan ay sa pamamagitan ng sadyaang pag-iwan sa tungkuling magsagawa ng ṣalāh dahil ang sabi ng Propeta (S): “Tunay na ang namamagitan sa tao at sa Pagtatambal [kay Allah] at Kawalang-pananampalataya ay ang pag-iwan sa ṣalāh.” (Isinalaysay ito ni Imam Muslim)

Kabanata: Ang Shirk (Pagtatambal kay Allah).**T 46: Ano ang mga uri ng Pagtatambal?**

Ang pagtatambal kay Allah ay dalawang uri:

1. Ang Shirk Akbar (Malaking Shirk).
2. Ang Shirk Aşghar (Maliit na Shirk).

T 47: Ano ang Shirk Akbar?

Ang Shirk Akbar ay ang pagbaling ng anumang uri ng pagsamba sa iba pa kay Allah.

T 48: Bumanggit ka ng mga halimbawa ng Shirk Akbar?

Ang Shirk Akbar ay may mga halimbawa, kabilang doon:

Ang pagdalangin sa iba pa kay Allah o pagpapakalapit-loob sa pamamagitan ng mga alay na hayop o mga pamamanata sa iba pa sa Kanya gaya ng pamamanata sa mga puntod, mga jinn, at mga demonyo, o ang umasa sa iba pa kay Allah sa anumang walang kakakayang magdulot niyon kundi si Allah gaya ng pagtugon sa mga pangangailangan at pagpawi ng mga alalahanin.

T 49: Ano ang mga epekto at mga kasiraan ng Shirk Akbar?

Ang Shirk Akbar ay pinakasukdulan sa mga pagkakasala at ang mga kasiraan nito ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang Shirk Akbar ay nagtitiwalag sa tao sa Islam.
2. Ang Shirk Akbar ay nagpapawalang-kabuluhan sa lahat ng [mabuting] gawa.

3. Ang Shirk Akbar ay humadlang sa pagpasok sa Paraiso at nagpapanatili sa Impiyerno sa gumagawa nito kapag namatay ito.

T 50: Ano ang mga dahilan ng pagkakasadlak sa Shirk Akbar?

Ang mga dahilan ng pagkakasadlak sa Shirk Akbar ay marami. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito:

1. Ang labis na pagtatangi sa matutuwid na tao.
2. Ang kamangmangan sa Tawḥīd at sa kahulugan ng Walang Diyos na totoo Kundi si Allah.
3. Ang pagsunod sa kapritso.
4. Ang bulag na paggaya.

T 51: Ano ang Shirk Aṣghar?

Ang Shirk Aṣghar ay ang bawat ipinagbabawal ng Batas ng Islam na nagsisilbing dahilan tungo sa Shirk Akbar o kaparaanan sa pagkakasadlak doon. Nasaad sa mga teksto ang pagtawag dito bilang Shirk.

T 52: Bumanggit ka ng mga uri ng Shirk Aṣghar.

Ang Shirk Aṣghar ay dawalang uri:

1. Hayagang Shirk. Ito ay dalawang uri:
 - A. Shirk sa salita gaya ng panunumpa sa iba pa kay Allah at pagsabi ng “Niloob ni Allah AT niloob mo.”
 - B. Shirk sa mga gawain, tulad ng pagsusuot ng singsing o sinulid para alisin at itaboy ang kamalasan, pagsusuot ng mga agimat dahil sa pangamba sa usog, at iba pa.
2. Patagong Shirk. Ito ay ang pagpapakitang-tao sa pagsamba.

T 53: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Shirk Akbar at Shirk Aşghar?

Ang pagkakaiba sa pagitan ng Shirk Akbar at Shirk Aşghar ay sa mga sumusunod na usapin:

1. Ang Shirk Akbar ay nagtitiwalag sa tao sa Islam samantalang ang Shirk Aşghar ay hindi nagtitiwalag sa tao sa Islam ngunit nagpapahina sa pagsunod sa Tawhhīd.

2. Ang Shirk Akbar ay nagpapawalang-kabuluhan sa lahat ng [mabuting] gawa samantalang ang Shirk Aşghar ay hindi nagpapawalang-kabuluhan sa lahat ng [mabuting] gawa. Pinawawalang-kabuluhan lamang ng pagpapakitang-tao ang gawaing kinauugnayan nito lamang.

3. Ang Shirk Akbar ay magpapanatili sa Impiyerno sa gumagawa nito samantalang ang Shirk Aşghar ay hindi magpapanatili roon sa gumagawa nito kahit pa man makapasok siya roon.

Kabanata: Ang Nifāq (Pagpapanggap na Sumasampalataya)

T 54: Ano ang mga uri ng Nifāq?

Ang Nifāq ay dalawang uri:

1. Ang Nifāq na pampaniniwala, at tinatawag na Nifāq Akbar.
2. Ang Nifāq na panggawain, at tinatawag na Nifāq Aṣghar.

T 55: Ano ang Nifāq na pampaniniwala?

Ang Nifāq na pampaniniwala ay ang pagpapakita ng pagtangkilik sa Islam at ang paglilihim ng pagtangkilik sa Kufr (Kawalang-pananampalataya).

T 56: Ano ang Nifāq na pampaniniwala?

Ang Nifāq na pampaniniwala ay anim na uri:

1. Ang pagpapasinungaling sa Sugo (S).
2. Ang pagpapasinungaling sa ilan sa ipinarating ng Sugo (S).
3. Ang pagkamuhi sa Sugo (S).
4. Ang pagkamuhi sa ilan sa ipinarating ng Sugo (S).
5. Ang pagkagalak sa pagbaba ng kalagayan ng Relihiyon ng Sugo (S).
6. Ang pagsuklam sa pananaig ng Relihiyon ng Sugo (S).

T 57: Ano ang Nifāq na panggawain?

Ang Nifāq na panggawain ay ang paggawa ng anuman sa mga gawain ng mga Munāfiq (gumagawa ng Nifāq) kasabay ng pananatili ng pananampalataya sa puso, gaya ng

pagsisinungaling, pagtataksil, at pagtatamad-tamaran sa ṣalāh sa jamā`ah.

T 58: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng Nifāq na pampaniniwala at Nifāq na panggawain?

Ang pagkakaiba sa pagitan ng Nifāq na pampaniniwala at Nifāq na panggawain ay sa mga sumusunod na usapin:

1. Ang Nifāq na pampaniniwala ay nagtitiwalag sa tao sa Islam samantalang ang Nifāq na panggawain ay hindi nagtitiwalag sa tao sa Islam.
2. Ang Nifāq na pampaniniwala ay ang pagkakaiba ng lihim at hayagan sa paniniwala at ang Nifāq na panggawain ay ang pagkakaiba ng lihim at hayagan sa mga gawain hindi sa paniniwala.
3. Ang Nifāq na pampaniniwala ay hindi namumutawi sa isang Mananampalataya samantalang ang Nifāq na panggawain ay maaaring mamutawi sa Mananampalataya.

Kabanata: Ang Pagsambang Isinabatas at ang mga Bid`ah¹ na Ipinagbabawal

T 59: Bakit tayo nilikha ni Allah? Ano ang patunay?

Nilikha tayo ni Allah upang sambahin Siya lamang nang walang katambal sa Kanya. Ang patunay ay ang sabi Niya: “Hindi Ko nilikha ang jinn at ang tao kundi upang sambahin nila Ako.” (Qur’an 51:56)

T 60: Ano ang kahulugan ng Pagsamba?

Ang pagsamba ay katawagang sumasaklaw sa bawat anumang iniibig ni Allah at kinalulugdan Niya na mga pananalita at mga gawaing hayagan at patago.

T 61: Ano ang mga kundisyon ng pagtanggap ng Pagsamba?

Ang Pagsamba ay magiging tanggap ayon sa dalawang kundisyon:

1. Ang kawagasan kay Allah.
2. Ang pagsunod sa Sugo (S).

T 62: Ano ang kahulugan ng Ikhlaṣ (Kawagasan) kay Allah?

Ang Ikhlaṣ ay ang pagdadalisay ng Pagsamba sa lahat ng bahid ng shirk, pagpapakitang-tao, at pagkamit ng reputasyon.

(1) Pagsamba, o gawaing panrelihiyon, o paniniwala, o patakarang walang batayan sa katuruan ng Islam ngunit pinaniniwalaang bahagi ng katuruan ng Islam. Ang Tagapagsalin.

T 63: Ano ang patunay ng pagkakinakailangan ng Ikhlaṣ kay Allah?

Ang patunay ng pagkakinakailangan ng Ikhlaṣ kay Allah ay ang sabi ni Allah: “Walang ipinag-utos sa kanila kundi na sambahin nila si Allah bilang mga nagpapakawagas sa Kanya sa pagtalima,⁽¹⁾ bilang mga makatotoo;” (Qur’an 98:5)

T 64: Ano ang kahulugan ng pagsunod sa Sugo (S)?

Ang pagsunod sa Sugo (S) ay ang pagtulad sa Sugo (S) sa pagsamba kay Allah: ang pagsamba ay sumasang-ayon sa Sunnah, walang halong bid`ah.

T 65: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng pagsunod sa Sugo (S)?

Ang patunay sa pagkakinakailangan ng pagsunod sa Sugo (S) ay ang sabi ni Allah: “Sabihin mo: Kung kayo ay umiibig kay Allah ay sundin ninyo ako, iibigin kayo ni Allah at magpapatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo. Si Allah ay Mapagpatawad, Maawain.” (Qur’an 3:31)

T 66: Ano ang kahulugan ng bid`ah sa relihiyon?

Ang kahulugan ng bid`ah sa relihiyon ay ang pagsamba kay Allah ayon sa hindi isinabatas [sa Islam]. Sinasabi rin na ito ay bawat pagsamba na inimbento ng mga tao na walang pinagmulan sa Qur’an o sa Sunnah o sa ginawa ng apat na napatnubayang khalifah.

(1) O relihiyon o pagsamba.

T 67: Ano ang hatol sa bid`ah sa relihiyon kalakip ng patunay?

Bawat bid`ah sa relihiyon ay ipinagbabawal at pagkaligaw. Ang patunay ay ang sabi ng Propeta (S): “Ang sinumang gumawa ng bagong patakaran sa patakaran nating ito na hindi bahagi nito, ito ay tatanggihan.” (Isinalaysay ito nina Imam Bukhārīy at Imam Muslim) at ang sabi pa niya: “Ang bawat bid`ah ay pagkaligaw.” (Isinalaysay ni Imam Muslim)

T 68: Ano ang mga uri ng bid`ah sa relihiyon?

Ang mga uri ng bid`ah sa relihiyon ay dalawang uri:

1. Bid`ah na pampananalitang pampaniniwala gaya ng mga pananalita at mga paniniwala ng mga kultong Jahmīyah, Mu`tazilah, Khawārij, Rāfiḍah, at iba pang mga naliligaw.

2. Bid`ah sa mga pagsamba, gaya ng pagsamba kay Allah sa pamamagitan ng pagsambang hindi Niya isinabatas. Ang mga ito ay ilang uri:

A. Ang anumang ayon sa orihinal na anyo ng pagsamba gaya ng ṭawāf sa paligid ng mga puntod o mga pagdiriwang ng kaarawan [ng Propeta], at iba pa.

B. Ang anumang ayon sa katangian ng pagsasagawa ng pagsambang isinabatas gaya ng sama-samang pagsambit ng dhikr.

C. Ang anumang may pagtatakda ng oras para sa pagsambang isinabatas na hindi naman tinakdaan ng oras ng Batas ng Islam, gaya ng pagtatakda ng pag-aayuno sa araw ng kalagitnaan ng buwan ng Sh`bān at ng pagdarasal sa gabi nito.

T 69: Bumanggit ka ng mga halimbawa ng bid`ah sa relihiyon.

Ang mga bid`ah sa relihiyon ay marami. Kabilang sa pinakalantaran sa mga ito ay ang sumusunod:

1. Ang pagdiriwang ng Mawlid.⁽¹⁾
2. Ang pagdiriwang ng Laylatul Isrā' wal Mi`raj⁽²⁾
3. Ang pagpapatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga punto at ang paggawa sa mga ito bilang mga masjid.

T 70: Ano ang mga dahilan ng pagkakasadlak sa mga bid`ah?

Ang pagkakasadlak sa mga bid`ah ay may mga dahilan at kabilang doon:

1. Ang kamang-mangan sa mga patakaran ng relihiyon.
2. Ang pagsunod sa mga kapritso.
3. Ang bulag na paggaya.
4. Ang pagwangis sa mga di-Muslim.

(1) Kaarawan ng Propeta (S)

(2) Gabi ng paglalakbay ng Propeta (S) mula sa Makkah papuntang palistin (Jerusalem) at pag-akyat niya sa langit.

Kabanata: Ang Wuḍū' at ang Ghusl

T 71: ano ang wudu'?

Ang wuḍū' ay ang paghuhugas at ang pagpapahid sa mga takdang bahagi ng katawan.

T 72: Ano ang mga kundisyon ng wuḍū'?

Ang mga kundisyon ng wudu':

1. Ang pag-anib sa Islam.
2. Ang katinuan ng isip.
3. Ang tamang edad.
4. Ang layunin.
5. Ang pagpapanatili sa pagpapatuloy ng pagsasagawa sa pamamagitan ng hindi paglalayon na putulin hanggang sa malubos ang kadalisan.
6. Ang pagkaputol ng katumpakan ng wuḍū'.
7. Istinjā'⁽¹⁾ o istijmār'⁽²⁾ bago magsagawa nito, mula sa karumihang resulta ng pag-ihing pagdumi.
8. Ang kadalisan ng tubig at ang pagkaipinahihintulot⁽³⁾ nito.
9. Ang pag-alis ng anumang nakahahadlang sa pag-abot ng tubig sa balat.
10. Ang pagsapit ng oras ng ṣalāh sa panig ng taong palagiang nasisira ang wuḍū'.

T 73: ano Ang mga tungkulin sa wuḍū'?

Ang mga tungkulin sa wuḍū' ay anim:

(1) Paglilinis ng maselang bahagi sa pamamagitan ng tubig.

(2) Paglilinis ng maselang bahagi sa pamamagitan ng tuyong bagay gaya ng bato o dahon o papel.

(3) Nakamit ang tubig sa paraang ipinahihintulot.

1. Ang paghuhugas ng mukha at kabilangdito ang pagmumumog at ang pagsinghot at pagsinga ng tubig.
2. Ang paghuhugas ng mga kamay hanggang mga siko.
3. Ang pagpahid sa buong ulo at kabilang dito ang mga tainga.
4. Ang paghuhugas ng mga paa kasama ang bukungbukong.
5. Ang pagkakasunud-sunod.
6. Ang pagkatuluy-tuloy.

T 74: Ano ang mga nakasisira sa wuḍū’?

Ang mga nakasisira sa wuḍū’ ay apat:

1. Ang lumalabas sa ari at puwet na ihi, o madhy, o dumi, o utot.
2. Ang paglaho ng katinuan sanhi ng kabaliwan, o pagkawala ng malay, o tulog, maliban sa saglit na tulog.
3. Ang pagkain ng karne ng kamelyo.
4. Ang pagsaling ng ari nang walang nakaharang.

T 75: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng wuḍū’ kapag naganap ang isa sa mga nakasisira nito?

Ang patunay sa pagkakinakailangan ng wuḍū’ ay ang sabi ni Allah: “O mga sumampalataya, kapag tumayo kayo *upang isagawa* ang pagdarasal ay hugasan ninyo ang mga mukha ninyo, ang mga kamay ninyo hanggang sa mga siko – hapusin ninyo ang mga ulo ninyo – at ang mga paa ninyo hanggang sa bukungbukong.” (Qur’an 5:6)

T 76: Ano ang kahulugan ng ghusl?

Ang ghusl ay ang paglapat ng tubig sa buong katawan ayon sa itinakdang paraan.

T 77: Ano ang mga nag-oobliga sa ghusl?

Ang mga nag-oobliga sa ghusl ay tatlo:

1. Ang paglabas ng mabilis o pagbulwak ng punlay kalakip ng pagkadama ng sarap.
2. Ang pakikipagtalik kahit pa man walang naganap na paglabas ng punlay.
3. Ang paglabas ng dugo ng reglao ng dugo ng panganganak.

T 78: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng ghusl kapag naganap ang isa sa mga nag-oobliga nito?

Ang patunaysa pagkakinakailangan ng ghusl ay ang sabi ni Allah: “Kung kayo ay junub¹ ay maligo kayo.”

(Qur'an 5:6)

T 79: Ano ang mga kagandahan ng wuḍū' at ghusl?

Ang mga kagandahan ng wuḍū' at ghusl ay marami. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito:

1. Ang Islam ay dakilang relihiyon na nag-aanyaya sa kalinisang pisikal at moral.
2. Ang pagbabayad-sala sa mga pagkakasala at mga masagwang gawa na namumutawi mula sa mga bahagi ng katawan para sa wuḍū'.
3. Ang pagpapanatili sa katumpakan ng katawan, kagalingan nito, at kasiglahan nito.
4. Ang paghahanda sa pakikipag-usap kay Allah sa šalāh sa pinakamahusay na kalagayan.

(1)Junub: siya ang taong na obligahan ng ghusl.

Kabanata: Ang Ṣalāh

T 80: Ano ang kahulugan ng ṣalāh?

Ang ṣalāh ay pagsamba na may mga pananalita at mga gawain, na ang simula nito ay ang takbīr¹ at ang panghuli nito ay ang taslīm².

T 81: Ano ang mga ṣalāh na isinatungkuling kinakailangang gampanan ng bawat lalaki at babaeng Muslim?

Ang mga ṣalāh na isinatungkulin ay limang ṣalāh sa araw at gabi:

1. Ang fajr (2 rak`ah).
2. Ang dhuhr (4 rak`ah).
3. Ang `aṣr (4 rak`ah).
4. Ang maghrib (3 rak`ah).
5. Ang `ishā' (4 rak`ah).

T 82: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng limang ṣalāh:

Ang patunay sa pagkakinakailangan ng limang ṣalāh ay ang sabi ni Allah: “Pangalagaan ninyo ang mga dasal lalo na ang kalagitnaang dasal. Magsitayo kayo kay Allah bilang mga masunurin.” (Qur’an 2:238)

T 83: Ano ang hatol sa pagtalikod sa pagsasagawa ng ṣalāh? Ano ang patunay?

Ang pagtalikod sa pagsasagawa ng ṣalāh ay kawalang-pananampalataya na nagtitiwalag sa tao sa Islam. Ang

(1)Ang pag bikas ng allaho akbar.

(2)Ang pag bikas ng asslamo alaykom, habang naka harap ang muka sa kanan.

patunay ay ang sabi ng Sugo (S): “Tunay na ang namamagitan sa tao at sa Shirk at Kawalang-pananampalataya ay ang pagtalikod sa ṣalāh.”

T 84: Ano ang mga kundisyon ng pagsasagawa ng ṣalāh?

Ang mga kundisyon ng pagsasagawa ng ṣalāh ay siyam:

1. Ang [pagiging kaanib sa] Islam.
2. Ang [pagkakaroon ng] isip.
3. Ang tamang edad.
4. Ang pagkaalis ng ḥadath¹.
5. Ang pagkaalis ng karumihan.
6. Ang pagtatakip ng `awrah².
7. Ang pagsapit ng oras.
8. Ang pagharap sa qiblah³.
9. Ang layunin.

T 85: Ano ang mga sandigan ng ṣalāh?

Ang mga sandigan ng ṣalāh ay 14:

1. Ang pagtindigsa abot ng kakayanan.
2. Ang takbīratul-iḥrām (panimulang takbīr).
3. Ang pagbigkas ng al-Fātiḥah.
4. Ang rukū` (pagyukod).
5. Ang pagtayo nang tuwid matapos ang rukū`.
6. Ang pagpapatirapa gamit ang pitong bahagi ng katawan.
7. Ang pag-angat mula sa pagkakapatirapa.
8. Ang pag-upo sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.

(1)Hadath: hindi naka pag Udo o goshl kong na junub.

(2)Awrah: pag takip ng mag sasalah sa katawan niya.

(3) Qiblah: ang kinalalagian ng Qa'bah (Makkah).

9. Ang kapanatagan sa lahat ng mga sandigan.
10. Ang pagkakasunud-sunod.
11. Ang Huling Tashahhud.
12. Ang pag-upo para sa Huling Tashahhud.
13. Ang panalangin para sa Propeta (S).
14. Ang dalawang taslīm.

T 86: Ano ang Sūrah al-Fātiḥah?

Ang Sūrah al-Fātiḥah ay ang pinadakilang sūrah sa Qur'an. Hindi matatanggap ang ṣalāh malibang mayroon nito. Ito ay ang sabi ni Allah:

سورة الفاتحة :

بِسْمِ اللَّهِ الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ (1) الْحَمْدُ لِلَّهِ رَبِّ الْعَالَمِينَ (2) الرَّحْمَنِ الرَّحِيمِ
 (3) مَالِكِ يَوْمِ الدِّينِ (4) إِيَّاكَ نَعْبُدُ وَإِيَّاكَ نَسْتَعِينُ (5) اهْدِنَا الصِّرَاطَ الْمُسْتَقِيمَ (6)
¹صِرَاطَ الَّذِينَ أَنْعَمْتَ عَلَيْهِمْ غَيْرِ الْمَغْضُوبِ عَلَيْهِمْ وَلَا الضَّالِّينَ (7)

T 87: Ano ang mga kinakailangan saṣalāh.

1. Ang lahat ng takbīr (pagsabi ng Allāhu akbar) na hindi takbīratul'ihṛām.
2. Ang pagsabi ng subḥāna rabbiya -l'adhīmhābang nasapagkakayukod.
3. Ang pagsabi ng sami`a -llāhu liman ḥamidah para sa mag-isang nagsasagawa ng ṣalāh at para sa imam.
4. Ang pagsabi ng rabbanāwa laka -lḥamd matapos umangat mula sa pagkakayukod.

(1) Sūrah al-Fātiḥah

1. Sa ngalan ni Allah, ang Napakamaawain, ang Maawain.
2. Ang papuri ay ukol kay Allah, ang Panginoon ng mga nilalang,
3. ang Napakamaawain, ang Maawain,
4. ang May-ari ng Araw ng Paggantimpala.
5. Sa Iyo lamang kami sumasamba at sa Iyo lamang kami nagpapatulong.
6. Patnubayan Mo kami sa tuwid na landasin:
7. ang landasin ng mga biniyayaan Mo, hindi ng mga kinagalitan, at hindi ng mga naliligaw.

5. Ang pagsabi ng subḥāna rabbiya -l'a`lā habang nasa pagkakapatirapa.

6. Ang pagsabi ng rabbi -ghfir līsa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.

7. Ang pagbigkas ng Unang Tashahhud.

8. Ang pag-upo para sa Unang Tashahhud.

T 88: Ano ang unang tashahhud?

Ang unang tashahhud ay ang sabihin ng nagdarasal:

((التحيات لله والصلوات الطيبات، السلام عليكم أيها النبي ورحمة الله وبركاته، السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين، أشهد أن لا إله إلا الله، وأشهد أن محمداً عبده ورسوله))

Attaḥīyātu lillāhi wa -ṣṣalawātu wa -ṭṭayyibāt, assalāmu `alayka ayyuha -nnabīyu wa raḥmatu -llāhi wa barakātuh, assalāmu `alaynā wa `alā `ibādi-llāhi -ṣṣāliḥīn, ashhadu an lā ilāha illa -llāh, wa ashhadu anna muḥammadan`abduhu wa rasūluh.⁽¹⁾

T 89: Kailan bibigkasin ang Unang Tashahhud?

Ang unang tashahhud ay bibigkasin kapag naupo ang nagdarasal pagkatapos ng pag-angat mula sa ikalawang pagkakapatirapa sa ikalawang rak`ah ng ṣalāh sa dhuhr, `aṣr, maghrib, at `ishā`.

T 90:ano Ang Huling Tashahhud?

Ang Huling Tashahhud ay ang sabihin ng nagdarasal:

((التحيات لله والصلوات الطيبات، السلام عليكم أيها النبي ورحمة الله وبركاته، السلام علينا وعلى عباد الله الصالحين، أشهد أن لا إله إلا الله، وأشهد أن محمداً عبده ورسوله))

(1) Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan nawa ay sa kanya at sa mga matuwid na lingkod ni Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

اللهم صلى على محمد وعلى آل محمد كما باركت على آل إبراهيم إنك
حميد مجيد وبارك على محمد وعلى آل محمد كما باركت على آل إبراهيم إنك
حميد مجيد

Attahīyātu lillāhi wa -ṣṣalawātu wa -ṭṭayyibāt, assalāmu
`alayka ayyuha -nnabīyu wa raḥmatu -llāhi wa barakātuh,
assalāmu `alaynā wa `alā `ibādi-llāhi -ṣṣāliḥīn, ashhadu an lā
ilāha illa -llāh, wa ashhadu anna muḥammadan`abduhu wa
rasūluh.

Allāhumma ṣalli `alāMuḥammadin wa `alā`ali
Muḥammad, kamāṣallayta`alāIbrāhīma wa `alā`ali Ibrāhīm,
innaka ḥamīdum majīd. Allāhumma bārik `alāMuḥammadin
wa `alā`aliMuḥammad, kamā bārakta `alāIbrāhīm, innaka
ḥamīdum majīd.¹

T 91: Kailan bibigkasin ang Huling Tashahhud?

Ang Huling Tashahhud ay bibigkasin kapag naupo ang
nagdarasal pagkatapos ng pag-angat mula sa ikalawang
pagkakapatirapa sa huling rak`ah.

T 92: Ano ang mga sunnah sa ṣalāh?

Ang mga sunnah sa ṣalāh ay marami. Kabilang sa mga
ito.

1. Ang istiftāḥ².

(1)Ang mga pagbati ay ukol kay Allah, at ang mga dasal at mga mabuting gawa. Ang kapayapaan ay sumaiyo, o Propeta, at ang awa ni Allah at ang biyaya Niya. Ang kapayapaan nawa ay sa kanya at sa mga matuwid ni Allah. Sumasaksi ako na walang Diyos kundi si Allah at sumasaksi ako na si Muhammad ay Lingkod Niya at Sugo Niya.

O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati. O Allah, pagpalain Mo si Muhammad at ang mag-anak ni Muhammad gaya ng pagpala Mo kay Ibrahim at sa mag-anak ni Ibrahim; tunay na Ikaw ay Kapuri-puri, Maluwalhati.

(2)Istiftah: ang pang onang bibighasin pag katapus mga takber.

2. Ang paglalagay ng kanang palad sa ibabaw ng kaliwang kamay habang nakatayo.
3. Ang pag-angat ng mga kamay nang pantay sa mga balikat o mga tainga sa unag takbīr, sa pagyukod, sa pag-angat mula rito, sa pagtayo mula sa unang tashahhud hanggang sa ikalawang tashahhud.
4. Ang idinagdagsa isang tasbīh⁽¹⁾ sa pagyukod at pagpapatirapa.
5. Ang idinagdagsa isang panalangin ng kapatawaran (du`ā` bil-maghfirah) sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa.
6. Ang pagpantay ng ulo sa likod sa sandali ng pagkakayukod.
7. Ang paghihiwalay ng mga braso sa mga tagiliran, at ng tiyan sa mga hita samantalang nasa pagpapatirapa.
8. Ang pag-angat ng bisig palayo sa lapag habang nasa pagpapatirapa.
9. Ang pag-upo ng nagdarasal sa kaliwang paa niya, ang pagtukod ng kanang paa sa unang tashahhud at sa pagitan ng dalawang pagpapatirapa, sa huling tashahhud ng ṣalāh na dalawahang rak`ah. Tinatawag ito na iftirāsh.
10. Ang tawarruk sa huling tashahhud sa ṣalāh na tatluhan at apatang rak`ah. Ito ay ang pag-upo sa lapag at ang paglalagay ng kaliwang paa sa ilalim ng kanang binti habang nakatukod ang kanang paa.
11. Ang panalangin sa katapusan ng Huling Tashahhud.
12. Ang malakas na pagbigkas sa ṣalāh sa fajr, ṣalāh sa jumu`ah, ṣalāh sa dalawang `īd, sa ṣalāh sa istisqā` (paghingi ng ulan), at sa unang dalawang rak`ah ng ṣalāh sa maghrib at `ishā`.

(1)Tasbih: ang tasbih ay ang mga binibikas ng tao kagaya ng sobhanallah, allaho akbar.

13. Ang tahimik na pagbigkas sa *dhuhr* at *`asr*, sa ikatlong rak`ah ng maghrib, at dalawang huling rak`ah ng *`ishā`*.
14. Ang pagbigkas ng karagdagan sa *al-Fātiḥah* mula sa Qur'an.

T 93: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga rukn (sandigan) ng ṣalāh at mga wājib (kinakailangan) nito at mga sunnah nito?

Ang rukn ay nakapagpapawalang-saysay saṣalāhsa pamamagitan ng hindi pagsasagawa nito nang sadyaan o dala ng pagkalingat. Ang wājib ay nakapagpapawalang-saysay saṣalāh sa pamamagitan ng hindi pagsasagawa nito nang sadyaan. Ang hindi pagsasagawa nito dala ng pagkalingat ay mag-oobliga ng dalawang pagpapatirapa ng pagkalingat. Ang mga sunnah naman, ang pagsasagawa nito ay kaibig-ibig at walang anumang pananagutan sa panig ng nagdarasal sa di pagsasagawa nito.

T 94: Ano ang mga nagpapawalang-saysay saṣalāh?

Ang mga nagpapawalang-saysay saṣalāh ay walo:

1. Ang sinasadyang pagsasalita kasabay ng pagkaalaala at pagkakaalam. Ang nakalimot o ang mangmang naman ay hindi mapawawalang-saysay ang ṣalāh niya dahil doon.
2. Ang pagtawa.
3. Ang pagkain.
4. Ang pag-inom.
5. Ang pagkalantad ng `awrah.
6. Ang maraming paglihis sa dako ng qiblah.
7. Ang maraming tuluy-tuloy na kalikutan sa ṣalāh.
8. Ang pagkasira ng wuḍū`.

T 95: Ano ang mga kagandahan ng ṣalāh?

Ang mga kagandahan ng ṣalāh ay marami. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito:

1. Ang ṣalāh ay kapanatagan para sa puso, kaluwagan para sa dibdib, at pakikipag-usap kay Allah.
2. Ang ṣalāh ay nagtatakip sa mga pagkakasala at mga masagwang gawa.
3. Ang ṣalāh ay nagbabawal sa Muslim sa kahalayan at nakasasama.
4. Ang ṣalāh ay nangangalaga sa Muslim laban sa mga kasamaan at mga kasawian at siya ay magiging nasa pagkakalinga ni Allah at pangangalaga Niya.

Kabanata: Ang Zakāh

T 96: Ano ang kahulugan ng zakāh?

Ang zakāh ay obligasyong isinatungkulin sa natatanging yaman para sa isang itinanging pangkat sa itinanging panahon.

T 97: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng zakāh?

Ang patunay sa pagkakinakailangang ng zakāh ay ang sabi ni Allah: “Panatilihin ninyo ang pagdarasal, ibigay ninyo ang zakāh at yumukod kayo kasama ng mga yumuyukod.” (Qur’an 2: 43)

T 98: Ano ang mga yaman na kinakailangang patawan ng zakāh?

Ang mga yamang kinakailangang patawan ng zakāh ay lima:

1. Ang mga hayupan: ang kamelyo, ang baka, at ang tupa.
2. Ang tumutubo sa lupa na mga butil at mga bunga lamang.
3. Ang dalawang salapi: ang ginto at ang pilak, at gayon din ang ipinampapalit sa mga ito na mga salaping papel [at metal].
4. Ang mga paninda ng kalakal.
5. Ang mga metal at ang mga mineral.

T 98: Ano ang mga kundisyon ng pagkakinakailangan ng zakāh?

Ang mga kundisyon ng pagkakinakailangan ng zakāh ay apat:

1. Ang Islam.
2. Ang kalayaan.
3. Ang pagmamay-ari ng niṣāb⁽¹⁾ ayon sa lubusang pagmamay-ari ng nananatili.
4. Ang pagsapit ng isang taon sa yaman.⁽²⁾

T 100: Sino ang mga tatanggap ng zakāh?

Ang mga tatanggap ng zakāh ay ang mga karapat-dapat para rito. Sila ay ang walong uring tinakdaan ni Allah sa sinabi Niya: “Ang mga kawanggawa ay ukol lamang sa mga maralita, mga dukha, mga manggagawa sa pagtitipon nito, at mga mapalulubag-loob ang mga puso, alang-alang sa pagpapalaya ng alipin at mga nagkakautang, at alang-alang sa landas ni Allah at manlalakbay na kinapos – isang tungkuling iniatang ni Allah. Si Allah ay Maalam, Marunong.” (Qur’an 9:60)

T 101: Ano ang mga kagandahan ng zakāh?

Ang mga kagandahan ng mga zakāh ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagsasakatuparan ng prinsipyo ng damayan, tulongan, pag-ibig sa pagitan ng mayayaman at mahihirap na mga Muslim.
2. Ang pagdadalisay sa sarili at ang paglilinis nito, ang paglalayo nito sa kaasalan ng kasakiman at karamutan.
3. Ang paghatak sa biyaya at karagdagan mula kay Allah.

(1)Nisab: tinkda na panahon o oras para ibigay ang zakah.

(2)Ang kundisyong ito ay laan lamang sa mga hayupan, ginto at pilak, at mga paninda ng kalakal. Ang tumutubo sa lupa na mga butil at mga bunga ay kinakailangang patawan ng zakāh sa pag-ani nito. Ang mga metal at ang mga mineral naman ay kinakailangang patawan ng zakāh kapag natagpuan ito. Ang mga anak ng mga hayupan at ang mga tubo ng pangangalakal, ang oras ng pagpapataw ng zakāh para rito ay ayon sa takdang panahon ng dalawang ito.

Kabanata: Ang Pag-aayuno.

T 102: Ano ang kahulugan ng pag-aayuno?

Ang pag-aayuno ay ang paghinto sa pagkain, pag-inom, at lahat ng mga nakasisira sa pag-aayuno kalakip ng layunin mula sa tunay na pagsapit ng madaling araw hanggang sa paglubog ng araw.

T 103: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng pag-aayuno sa Ramaḍān?

Ang patunay sa pagkakinakailangan ng pag-aayuno sa Ramaḍān ay ang sabi ni Allah: “O mga sumampalataya, isinatungkulin sa inyo ang pag-aayuno gaya ng pagkasatungkulin nito sa mga nauna sa inyo nang sa gayon kayo ay mangilag magkasala.” (Qur’an 2:183)

T 104: Ano ang mga kundisyon sa pagkakinakailangan ng pag-aayuno?

Ang mga kundisyon sa pagkakinakailangan ng pag-aayuno ay anim:

1. Ang Islam.
2. Ang kaganapan ng gulang.
3. Ang pag-iisip.
4. Ang kalusugan.
5. Ang pananatili sa isang lugar.
6. Ang kawalan ng regla o pagdurugo matapos manganak.

T 105: Ano ang mga dahilang nagpapahintulot sa pagtigil sa pag-aayuno sa maghapon ng Ramaḍān?

Ang mga dahilang nagpapahintulot sa pagtigil sa pag-aayuno sa maghapon ng Ramaḍān ay apat:

1. Ang karamdaman o ang katandaan na ikahihirap dahil sa mga ito ang pag-aayuno.
2. Ang paglalakbay.
3. Ang pagrereгла at ang pagdurugo matapos magsilang.
4. Ang pagbubuntis at ang pagpapasuso.

T 106: Ano ang mga nakasisira sa pag-aayuno?

Ang mga nakasisira sa pag-aayuno ay anim:

1. Ang pakikipagtalik.
2. Ang paglabas ng punlay.
3. Ang pagkain at ang pag-inom.
4. Ang anumang maipantutumbas sa pagkain at pag-ino, tulad ng *intravenous feeding*.
5. Ang paglabas ng dugo sa pamamagitan *hijāmah*⁽¹⁾.
6. Ang pagsuka nang sadya: ang pagpapalabas ng pagkain o inumin na nasa bituka.
7. Ang paglabas ng dugo ng regla at panganganak.

T 107: Ano ang mga kundisyon ng mga nakasisirang ito na maging nakasisira sa pag-aayuno?

Ang mga nakasisira sa pag-aayuno ay hindi makapagpapawalang-saysay sa ayuno ng nag-aayuno malibang ayon sa tatlong kundisyon:

1. Na siya ay nakaaalam sa panuntunan at nakaaalam sa oras.
2. Na siya ay nakaalala.
3. Na siya malayang makapipili.

(1)Hijimah: pag kuwa ng dugo sa olo.

T 108: Ano ang mga kagandahan ng pag-aayuno?

Ang mga kagandahan ng pag-aayuno ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang pagpapahirati sa kaluluwa sa marangal na mga kaasalan gaya ng pagittiis at pagtitimpi.
2. Ang pagpapaalala sa mga biyaya ni Allah sa tao na pagkain at pag-inom.
3. Ang pagpapaalala sa pangangailangan ng mga maralita para pampalubag-loob sa kanila at pagmamagandang-loob sa kanila.
4. Ang pagpapanatili sa kalusugan ng katawan at kagalingan nito.

Kabanata: Ang Ḥajj

T 109: Ano ang kahulugan ng ḥajj?

Ang ḥajj ay ang pagsasadya sa Makkah para sa itinakdang gawain sa itinakdang panahon.

T 110: Ano ang patunay sa pagkakinakailangan ng ḥajj?

Ang patunay sa pagkakinakailangan ng ḥajj ay ang sabi ni Allah: “Kay Allah tungkulin ng mga tao ang magsagawa ng ḥajj sa Bahay [Niya] — sinumang makakakayang makarating doon.” (Qur’an 3:97)

T 111: Ano ang mga kundisyon ng ḥajj?

Ang mga kundisyong ng ḥajj ay lima:

1. Ang Islam.
2. Ang pag-iisip.
3. Ang kaganapan ng gulang.
4. Ang kalayaan.
5. Ang kakayahan.

T 112: Ano ang mga uri ng pagsasagawa ng ḥajj?

Ang mga uri ng pagsasagawa ng ḥajj ay tatlo:

1. Ang tamattu¹.
2. Ang qirān.²
3. Ang ifrād.³

(1)Pag sasagawa ng omra lang, pagka tapos hajj naman sa tinakda

(2)Pag sasagawa ng omra at hajj sa isang gawain

(3)Pag sasagawa ng hajj lang

113. Ano ang mga rukn (sandigan) ng ḥajj?

Ang mga sandigan ng ḥajj ay apat:

1. Ang iḥrām¹.
2. Ang pagtigil sa `Arafah.
3. Ang ṭawāful-ifādah².
4. Ang pagsasagawa ng sa`y³ sa pagitan ng Ṣafā at Marwah.

T 114: Ano ang mga wājib (kinakailangan) sa ḥajj ay pito:

1. Ang iḥrām⁴ sa mīqāt⁵.
2. Ang pagtigil sa `Arafah hanggang gabi para sa sinumang pumunta roon sa araw.
3. Ang pananatili sa gabi sa Muzdalifah sa gabi ng yawmun-naḥr (araw ng pag-aalay).
4. Ang pananatili sa gabi sa Minā sa mga gabi ng mga araw ng tashrīq.
5. Ang pagbato sa mga Jamarah nang magkakasunud-sunod.
6. Ang pagpapaahit o ang pagpapaiksi ng buhok.
7. Ang ṭawāful-widā`⁶ para sa mga hindi nirereгла o dinurugo matapos magsilang.

(1)Ihram: ang pahlaonin na mag ḥajj.

(2)Tawaful ifadah: pag iko sa ka`bah ng pitong bisis, ibapa ito sa tawaful widah.

(3)Sa`y: pag lalakad sa Shafah at Marwah.

(4)Ang pagintision ng motamatti, kiran, ifrad

(5)Mga logar na tinakda para doon magsimola.

(6)Tawaful widah: pag ikot sa qa`bah ng pitong bisis na pag papaalam sa qa`bah.

T 115: Ano ang mga sunnah ng pagsasagawa ng ḥajj?

Ang mga sunnah ng ḥajj ay marami. Kabilang sa mga ito:

1. Ang paligo at ang pagpapabango bago magsagawa ng iḥrām.
2. Ang ṭawāful-quḍūm¹ para sa mufrid at qiran².
3. Ang raml³ sa unang tatlong ikot ng ṭawāful-quḍūm.
4. Ang pagsasagawa ng iḍṭibā`⁴.
5. Ang dalawang rak`ah na ṣālah pagkatapos ng ṭawāf.
6. Ang pananatili sa gabi sa Minā sa gabi ng `Arafah.
7. Ang pagsambit ng talbiyah⁵ mula sa pagsasagawa ng ng iḥrām hanggang sa pagbato sa Jamratul-`aqabah.
8. Ang pagsasama sa mga ṣalāh na dhuhr at `aṣr sa oras ng dhuhr sa `Arafah at ang pagsasama sa mga ṣalāh ng maghrib at `ishā` sa oras ng maghrib sa Muzdalifah.

T 116: Ano ang pagkakaiba sa pagitan ng mga rukn (sandigan) ng ḥajj, mga wājib (kinakailangan) nito, at mga sunnah nito?

Ang rukn, hindi magiging tumpak ang ḥajj maliban sa pamamagitan nito. Ang wājib, kinakailangan sa hindi pagkakasagawa nito ang pag-aalay ng hayop. Ang mga sunnah naman, ang pagsasagawa ng mga ito ay kaibig-ibig. Walang pananagutan sa sinumang hindi nagsagawa nito.

(1) Ang ṭawāf ng pagdating.

(2) Lisipin ng tao na mag sasagawa ng ḥajj at omrah.

(3) Mabilis na paglalakad.

(4) Ang pagsasagawa nito ay ganito: ilagay ang kalagitnaan ng ridā` (balabal) sa ilalim ng kanang kilikiliat ang magkabilang dulo nito ay nakapatong sa kaliwang balikat.

(5) Pagbikas ng tinkdang bikasin doon.

T 117: Ano ang mga ipinagbabawal sa sandali ng iḥrām sa ḥajj o `umrah?

Ang mga ipinagbabawal sa sandali ng iḥrām ay ang mga ipinagbabawal gawin ng isang taong nasa sandali ng iḥrām sa ḥajj o `umrah. Ang mga ito ay tatlong uri:

1. Uring ipinagbabawal sa kalalakihan at kababaihan. Ito ay pitong ipinagbabawal:

A. Ang pag-aalis ng buhok sa ulo sa pamamagitan ng pag-ahit at iba pa.

B. Ang pagputol ng kuko.

C. Ang paggamit ng mabangong bagay.

D. Ang pagpapakasal.

E. Ang pagdiit sa asawa nang may kalakip ng kasiyahang seksuwal.

F. Ang pakikipagtalik.

G. Ang pagpatay ng ligaw na hayop.

2. Uring ipinagbabawal sa kalalakihan lamang. Ito ay dalawang ipinagbabawal:

A. Ang pagtatakip ng ulo.

B. Ang pagsusuot ng tinahi.

3. Uring ipinagbabawal sa kababaihan lamang. Ito ay dalawang ipinagbabawal:

A. Ang pagsusuot ng niqāb o burqa⁽¹⁾.

B. Ang pagsusuot ng guwantes.

T 118: Ano Ang mga kagandahan ng ḥajj?

Ang mga kagandahan ng ḥajj ay marami. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito:

(1)Ang mga ginagamit ng mga babaeng muslim pangtakup ng muka.

1. Ang pagtitipon ng mga Muslim mula sa lahat ng mga bayan ng Daigdig, at ang pagtamo ng pagmamahal, pag-ibig, at pagkikilahan sa isa't-isa sa kanila.
2. Ang pagpapakita ng pagkakaisa sa pagitan ng mga Muslim, na sila ay iisang kalipunan na nagtitipon sa iisang lugar, iisang panahon, sa iisang kasuutan, walang pagkakaiba sa pagitan ng mayaman at mahirap, Arabe at di-Arabe, at puti at itim.
3. Ang pagpapaalala sa Kabilang-buhay at pagtayo ng mga tao sa harapan ni Allah sa Araw ng Pagkabuhay.

Kabanata: Samu't-sari sa Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah

T 119: Sino ang pangkat na maliligtas mula sa Impiyerno mula sa mga pangkat ng ma Muslim?

Ang pangkat na maliligtas mula sa Impiyerno ay ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah.

T 120: Sino ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah?

Ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay ang mga nagkaisa na panghawakan ang Sunnah ng Propeta (S) at isagawa ito nang hayagan at palihim sa salita, gawa, at paniniwala.

Sinasabi na ang Ahlus Sunnah ay ang mga tao sa tuwid na landasinna mga kumakapit sa tumpak na Islam na inihatid ni Muhammad at tinahak ng mga banal na ninuno (salaf). Dahil doon tingurian silang Salafiyah.

T 121: Ano ang dahilan ng pagtawag sa kanila na Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah?

Ang dahilan ng pagtawag sa kanila bilang Ahlus Sunnah ay dahil sa pagkapit nila sa sunnah, at bilang Ahlul Jamā`ah ay dahil sa sila ay nagkakaisa roon.

T 122: Ano ang dahilan ng pagtawag sa kanila na Salafiyah?

Ang dahilan ng pagtawag sa kanila na Salafiyah ay dahil sa sila ay tumahak sa pamamaraan ng Matuwid na Ninuno (salaf ṣālih) gaya ng pagsunod sa Qur'an at Sunnah, pag-aanyaya tungo sa mga ito, at pagsasagawa sa mga ito, kaya dahil doon Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sila.

T 123: Ano ang patunay na ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay ang pangkat na maliligtas?

Ang patunay na ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay ang pangkat na maliligtas ay ang sabi ng Propeta (S): “Nahati ang mga Hudyo sa pitumpu’t isang pangkat. Nahati ang mga Kristiyano sa pitumpu’t dalawang pangkat. Mahahati ang kalipunang ito sapitumpu’t tatlong pangkat; lahat ng mga ito ay papasok sa Impiyerno maliban sa iisa.” May nagsabi: “Sino po sila, o Sugo ni Allah?” Sinabi niya: “[Ang sumusunod] sa akin ngayon at sa mga kasamahan ko.” Sa isang pagkakasabi: “Ang bukluran.”

T 124: Ano ang kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagkilala sa katangian ng kataasan at katangian ng pagluklok [ni Allah]?

Ang kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagkilala sa katangian ng kataasan at katangian ng pagluklok [ni Allah] ay ang napagkaisahan ng mga kasamahan [ng Propeta] at napagkaisahan ng mga sugo – sumakanila ang pagpapala at ang biyaya ni Allah – na si Allah ay nasa langit sa ibabaw ng lahat ng mga nilikha, nakaluklok sa trono Niya ayon sa pagkaluklok na naaangkop sa pagpipitagan sa Kanya at kadakilaan Niya. Hindi Niya nakawawangis ang nilikha sa anuman sa mga katangian Niya – kaluwalhatian sa Kanya at pagkataas-taas Niya.

T 125: Ano ang patunay mula sa Qur’an sa pagkilala sa katangian ng kataasan?

Ang patunay sa pagkilala sa katangian ng kataasan ay ang sabi ni Allah: “16. Natiwasay ba kayo sa Kanya na nasa langit na *hindi* makapagpapalamon sa inyo sa lupa at walang anu-ano ito ay mayayanig?” (Qur’an 67:16) at ang sabi pa

Niya: “Luwalhatiin mo ang pangalan ng Panginoon mo, ang Pinakamataas,” Qur’an (87:1), at iba pang mga talata.

T 126: Ano ang patunay mula sa Sunnah sa pagkilala sa katangian ng kataasan?

Ang patunay sa Sunnah sa pagkilala sa katangian ng kataasan ay ang Ḥadīth kaugnay sa babaing alipin nang tinanong ito ng Propeta (S). Sinabi niya: “Nasaan si Allah?” at sinabi nito: “Nasa langit.” Pagkatapos ay sinabi niya: “Sino ako?” at sinabi nito: “Ikaw ay Sugo ni Allah.” Sinabi niya: “Palayain mo siya sapagkat tunay na siya ay mananampalataya.” (Isinalaysay ito ni Imam Muslim, 537)

T 127: Ano ang patunay sa pagkilala sa katangian ng pagluklok?

Ang patunay sa katangian ng pagluklok ay sabi ni Allah: “5. Ang Napakamaawain ay sa trono lumuklok.” (Qur’an 20:5) Nasaad sa anim na bahagi ng Qur’an ang sabi ni Allah: “Pagkatapos ay lumuklok Siya sa Trono.” sa Qur’an 7:54, Qur’an 10:3, Qur’an 13:2, Qur’an 25:59, Qur’an 32:4, at Qur’an 57:4.

T 128: Ano ang kahulugan ng pagluklok?

Ang kahulugan ng pagluklok ay ang pagtaas at ang pagangat. Ibig sabihin: umangat sa ibabaw ng trono at pumaitaas sa ibabaw nito. Ang kahulugan ng pagluklok ay alam sa wikang Arabe. Samantalang ang pagiging papaano ay hindi nalalaman, gaya ng sinabi ni Imam Mālik – kaawaan siya ni Allah: “Ang pagluklok ay alam, ang papaano ay di-alam, ang pananampalataya ay kinakailangan, at ang pag-uusisa hinggil dito ay bid`ah.” Ibig sabihin ang pag-usisa hinggil sa kung papaano [ay bid`ah]. Ito ay pangkalahatang panuntunan sa

lahat ng mga katangian [ni Allah], na ito ay alam ang kahulugan, di-alam ang pagiging papaano.

T 129: Ano ang kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa Marangal na Qur'an?

Ang paninindigan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa Qur'an ay na ito ay salita ni Allah at ang mga titik nito, ang mga kahulugan nito ay ibinaba, hindi nilikha, mula sa Kanya nagsimula at tungo sa Kanya babalik. Sinalita ni Allah ito sa katotohanan. Ipinasa Niya ito kay Anghel Jibrel (Gabriel) at ibinaba ito ng anghel sa puso ni Muhammad (S).

T 130: Ano ang patunay na ang Marangal na Qur'an ay mula sa salita ni Allah?

Ang patunay ay ang sabi Niya: “Kung may isa na kabilang sa mga Mushrik na nagpakanlong sa iyo ay kanlungin mo siya nang sa gayon ay marinig niya ang Salita ni Allah.” (Qur'an 9:6). Ang ibig sabihin ng salita ni Allah sa talata ay ang Qur'an.

T 131: Ano ang patunay na ang Marangal na Qur'an ay ibinaba, hindi nilikha?

Ang patunay na ito ay ibinaba ay ang sabi ni Allah: “Napakamapagpala Niya na nagpababa sa Pamantayan sa lingkod Niya” (Qur'an 25:1). Ang patunay na ito ay hindi nilikha ay sabi ni Allah: “Pakatandaan, Kanya ang paglikha at ang pag-uutos.” (Qur'an 7:54). Ginawa Niya ang pag-uutos na hindi nilikha. Ang Qur'an ay bahagi ng utos batay sa sabi ni Allah: “Gayon Kami nagsiwalat sa iyo ng isang espiritu mula sa kautusan Namin.” (Qur'an 42:52) at dahil ang salita ni Allah ay isang katangian mula sa mga katangian Niya at ang mga katangian Niya ay hindi nilikha.

T 132: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagkakita kay Allah?

Ang kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagkakita kay Allah, ay ang mga mananampalataya ay makakikita sa Panginoon nila: mapagmamasdan ng mga paningin nila sa Araw ng Pagkabuhay at sa Paraiso.

T 133: Ano ang patunay sa pagkakita ng mga mananampalataya sa Panginoon nila sa Kabilang-buhay?

Ang patunay sa pagkakita ng mga mananampalataya sa Panginoon nila sa Kabilang-buhay ay ang sabi ni Allah: “May mga mukha, sa araw na iyon, na mga nagniningning. Sa Panginoon nila ay mga nakatingin.” (Qur’an 75:22-23) at ang sabi pa Niya: “Ukol sa mga nagpakahusay *sa gawa* ang pinakamaganda at isang karagdagan.” (Qur’an 10:26) Nasaad sa Tumpak na Ḥadīth na “ang pinakamaganda” ay ang Paraiso at “ang karagdagan” ay ang pagtingin sa marangal na mukha ni Allah.¹

T 134: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa Pananampalataya?

Ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay naniniwala na ang Pananampalataya ay salita ng dila, paniniwala ng puso, at gawain ng mga bahagi ng katawan, na nadadagdagan sa pagtalima at nababawasan sa pagsuway.

T 135: Ano ang patunay na ang salita at ang gawa ay bahagi ng Pananampalataya?

Ang patunay na ang salita at ang gawa ay bahagi ng Pananampalataya ay ang sabi ng Propeta (S): “Ang Pananampalataya ay higit pitumpong sangay. Ang

(1) Tingnan ang Ṣaḥīḥ Muslim.

pinakamainam sa mga ito ay ang pagsabi na walang Diyos na totoo kundi si Allah at ang pinakamababa sa mga ito ay ang pag-aalis ng nakapipinsala sa daan. Ang hiya ay isang sangay ng Pananampalataya.”¹ Ginawa niya ang “pagsabi” at ang “paggawa” na bahagi ng Pananampalataya.

T 136: Ano ang patunay na ang Pananampalataya ay nadadagdagan at nababawasan?

Ang patunay na ang Pananampalataya ay nadadagdagan at nababawasan ay ang sabi ni Allah: “madagdagan ang mga sumampalataya ng pananampalataya” (Qur’an 74:31) Ang patunay ng pagkakatagdag ng Pananampalataya ay patunay ng posibilidad ng pagkabawas nito.

T 137: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pananatili sa Jamā`ah (Bukluran) kalakip ng pagbanggit ng patunay?

Naniniwala ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagkakinakailangan ng pananatili sa Jamā`ah ng mga Muslim at pinuno nila at hindi paghiwalay sa kanila. Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “Kumapit kayo sa lubid ni Allah nang sama-sama at huwag kayong magkahati-hati.” (Qur’an 3:103)

T 138: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagtalima sa mga tagapangasiwa sa mga kapakanan (waliyul’umūr) kalakip ng pagbanggit ng patunay?

Naniniwala ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa pagkakinakailangan ng pagtalima sa mga tagapangasiwa sa mga kapakanan ng mga Muslim ayon sa nakabubuti kahit pa

(1) Isinalaysay ito nina Imam Bukhārīy (9) at Imam Muslim (35) at ang pananalita ay sa huli.

man sila ay makasalanan. Ang patunay ay ang sabi ng Propeta (S): “Tungkulin ng taong Muslim ang makinig at ang tumalima [sa pinuno] sa naibigan niya at kinasuklaman malibang utusan siya [na gumawa] ng pagsuway sapagkat kung inutusan siya [na gumawa] ng pagsuway ay wala nang pagdinig ni pagtalima.”¹

T 139: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa isang gumawa ng malaking kasalanan kalakip ng pagbanggit ng patunay?

Ang hatol sa isang gumawa ng malaking kasalananan para sa Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay na ito ay hindi nagiging Kāfir at hindi pananatilihin sa Impiyerno. Ang kahihinatnan nito ay nasa kay Allah: kung loloobin Niya, pagdurusahin Niya ito ng ayon sa nararapat dito; at kung loloobin Niya, patatawarin Niya ito. Batay ito sa sabi Niya: “Tunay na si Allah ay hindi magpapatawad na tambalan Siya ngunit mapatatawad Niya ang anumang mababa pa roon sa kaninumang loloobin Niya.” (Qur’an 4:48)

T 140: Ano ang hatol sa pagpapatang na Kāfir ang isang Muslim (takfīr)? Ano ang patunay?

ang hatol sa pagpapatang na Kāfir ang isang Muslim (takfīr) ay ipinagbabawal. Ang patunay ay ang sabi ng Propeta (S): “Ang sinumang nagparatang sa isang mananampalataya ng kawalang-pananampalataya, ito ay gaya ng pagpatay sa kanya.”²

(1)Isinalaysay ito nina Imam Bukhārī (7144) at Imam Muslim (1839).

(2)Isinalaysay ito ni Imam Bukhārī (6105).

T 141: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa Şahābah (mga kasamahan ng Propeta)?

Ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa Şahābah ay ang kadalisan ng mga puso nila para sa Şahābah ng Sugo ni Allah laban sa paghihinakit, pagkasuklam, at pagkamuhi, at ang kadalisan ng mga dila laban sa panlalait at pamimintas sapagkat minamahal sila, dinadalanginan sila ng pagkalugod [ni Allah], sinusunod sila sa kabutihan, idinadalangin sila sa pamamagitan ng binanggit ni Allah para sa kanila: “Panginoon namin, magpatawad Ka sa amin at sa mga kapatid namin na nauna sa amin sa pananampalataya,” (Qur’an 59:10).

T 142: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa ahlulbayt (mag-anak) ng Sugo (S)?

Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa ahlulbayt ng Sugo (S) ay iniibig sila dahil sa dalawang bagay: dahil sa Pananampalataya at pagkamalapit nila sa Sugo ni Allah (S) subalit hindi nagpapakalabis sa pagtangi sa kanila sa pamamagitan ng pagsamba sa kanila bukod pa kay Alla o ng paniniwala sa pagkawalang-kasanalan nila.

T 143: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa al-walā’ wal-barā’ (ang pagtangkilik at ang pagwaksi)?

Ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa al-walā’ wal-barā’ ay na ito ay bahagi ng mga hinihingi ng Pananampalataya at hinihiling ng pagsaksi na walang Diyos na totoo kundi si Allah.

Ang pagtangkilik ay nangangahulugan ng pag-ibig sa mga mananampalataya at pagpanig sa kanila.

Ang pagwaksi ay ang pagkasuklam sa mga Kāfir at ang pagkalaban sa kanila, ang pagwawalang-kaugnayan sa kanila at sa relihiyon nila, at ang hindi pagwangis sa kanila sa anumang mga nauukol sa kanila, subalit hindi kinakailangan sa pagwawalang-kaugnayan sa mga Kāfir na apihin sila at awayin sila, o ipagbawal ang pakikitungo sa kanila.

T 144: Ano ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah kay Isah (Jesus)?

Ang Kapaniwalaan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah kay Isah (Jesus) ay na si Isah (Jesus) ay alipin ni Allah at Sugo Niya, isang lingkod na hindi sinasamba, isang sugo na hindi pinasisinungalingan, na siya ay isang taong kabilang sa mga anak ni Adam (Adan), isang nilikhang galing sa isang ina ngunit walang ama.

T 145: Ano ang paninindigan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa ibang mga relihiyon gaya ng Judaismo at Kristiyanismo?

Ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay naniniwala na ang Relihiyong Islam ay nagpawalang-bisa sa lahat ng mga naunang relihiyon, na si Allah ay hindi tatanggap mula sa isang tao matapos maisugo si Muhammad (S) ng isang relihiyon iba pa sa relihiyong Islam, at na ang anumang iba pang mga relihiyon ay walang kabuluhan.

T 146: Ano ang patunay mula sa Marangal na Qur'an na ang Islam ay ang Totoong Relihiyon, at na ang anumang iba pang mga relihiyon ay walang kabuluhan?

Ang patunay mula sa Marangal na Qur'an na ang Islam ay ang Totoong Relihiyon, at ang kawalang kabuluhan ng anumang iba pang mga relihiyon ay ang sabi ni Allah: “Ang

sinumang naghahangad ng iba pa sa Islam bilang relihiyon, hindi iyon matatanggap mula sa kanya at siya sa Kabilang-buhay ay kabilang sa mga malulugi.” (Qur’an 3:85).

T 147: Ano ang patunay mula sa Sunnah sa pagkakinakailangan ng Pananampalataya sa relihiyong Islam na inihatid ng Sugong si Muhammad (S)?

Ang patunay mula sa Sunnah sa pagkakinakailangan ng Pananampalataya sa relihiyong Islam na inihatid ng Sugong si Muhammad (S) ay ang sabi niya: “Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muhammad ay nasa kamay Niya, kung may nakarinig sa akin na isa mula sa kalipunang ito: isang Hudyo o isang Kristiyano, pagkatapos ay namatay nang hindi sumampalataya sa ipinasugo sa akin, siya ay magiging kabilang sa mga maninirahan sa Impiyerno.”⁽¹⁾

T 148: Ano ang paninindigan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa mga teksto ng Qur’an at Sunnah, kalakip ng pagbanggit ng patunay?

Ang paninindigan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa mga teksto ng Qur’an at Sunnah ay ang pagpapasakop sa mga teksto ng Qur’an at Tumpak na Sunnah, ang pagpapaakay sa mga ito, at ang hindi pagsalungat sa mga ito sa pananaw o pag-unawa. Ang patunay ay ang sabi ni Allah: “Kaya hindi, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya malibang pinahahatol ka nila sa anumang naganap na bangayan sa pagitan nila. Pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang inihusga mo at nagpapasakop sila nang *tunay na* pagpapasakop.” (Qur’an 4:65)

(1) Isinalaysay ito ni Imam Muslim (153).

T 149: Ano ang paninindigan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa Pakikibaka (Jihād) sa landas ni Allah?

Ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay naniniwala na ang Jihād ay ang Tugatog ng Tuktok ng Islam. Ito ay isinabatas upang ang salita ni Allah ay ang pinakamataas, ngunit kinakailangan may mga kundisyon. Kabilang sa pinakamahalaga sa mga ito ay ang pagkakaroon ng kapangyarihan at kakayahan, at na ito ay sa ilalim ng watawat na hinahawakan ng Tagapangasiwa ng Kapakanan ng mga Muslim.

T 150: Ano ang paninindigan ng Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah sa mga gawain ng mga grupong terorista, na tinatawag nilang Jihād daw?

Ang Ahlus Sunnah wal-Jamā`ah ay nagpapakawalang-ugnayan sa mga gawain ng mga terorista, kahit pa man tawagin nila itong Jihād, dahil sila ay sumusunod sa pamamaraan ng Khawārij dahil ang mga gawain nila ay mga gawaing nakasasama na naglalaman ng paninira sa Islam, paninindak sa mga matiwasay na tao, pagpatay sa mga inosente, at pagtamo ng kapinsalaan at katiwalaan sa mga bayan ng mga Muslim.

Sa pamamagitan ni Allah ang pananagumpay. Pagpalain ni Allah at pangalagaan ang Propeta nating si Muhammad.

Tagapagsalin mula sa wikang arabo:

Sulaiman Idris P. Alojado

Tagapatnugut:

Joraidz Abdul-Aziz Lontua Esnain

Tagarepaso ng Salin sa wikang Tagalog:

Abdulmalik Bernard Castillo

Binasa ni:

Salamoden Qasem

Hosnie S. Saifoden